REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-44

KAPASIYAHAN NA NAGPAPALAWIG NG PANGKALAKALAN AT PAMPULITIKANG PAKIKIPAG-UGNAYAN SA SIYUDAD NG CEBU SA PAMAMAGITAN NG PAGTATATAG NG MAGKAPATID (SISTERHOOD) NA RELASYON SA PAGITAN NG NASABING LUNGSOD AT NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

**************************************************************

Ipinanukala ng: **Lahat ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan**

**************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 33 ng bagong Local Government Code, ang pamahalaang lokal, sa pamamagitan ng karampatang hakbang ng Sangguniang Bayan, ay may kapangyarihang magtipon upang pagsamahin o pagtugmain ang kanilang pagsisikap, serbisyo at pamamaraan para sa layuning kapwa makabubuti sa kanila;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Cebu ay may maunlad na pamayanan at malawak na kaalamang-pangkalakalan na maibabahagi sa isang paunlad na pamahalaang bayan na tulad ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Muntinlupa ay hitik sa yaman at bukas sa oportunidad at bagong negosyo para sa mga kapitalista;

**SAPAGKAT,** upang ang bawat isa ay makinabang sa kaalaman at kasanayan na angkin o taglay ng magkaibang pamahalaang lokal nararapat na itatag ang pakikipag-ugnayan o talastasang magkapatid sa pagitan ng dalawang lokal na gobyerno;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muli pang pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na magpapalawig ng pangkalakalan at pampulitikang pakikipag-ugnayan sa Lungsod ng Cebu sa pamamagitan ng pagtatatag ng magkapatid (sisterhood) na relasyon sa pagitan ng nasabing lungsod at ng pamahalaang bayan ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-28th regular na pulong noong ika-15 ng Pebrero, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng Sangguning Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan